# ALAMEDA ALLIANCE FOR HEALTH
# **ABISO SA PRIVACY AT SEGURIDAD NG WEBSITE**

Petsa ng Pagkakaroon ng Bisa: **07/2012**
Huling Petsa ng Pagbago: **09/2025**

## PANIMULA

Layunin ng Alameda Alliance for Health (Alliance) na protektahan ang anumang personal na impormasyon at impormasyon sa pangangalagang pangkalusugan na hawak namin tungkol sa aming mga miyembro at posibleng miyembro. Inilalarawan sa ibaba ang aming mga kasanayan sa pagiging kumpidensyal at pagkapribado para sa website na ito. Kung bibigyan mo kami ng impormasyon sa kalusugan na nagbibigay ng iyong pagkakakilanlan (gaya ng iyong pangalan, address, o numero ng telepono), gagamitin at ihahayag lang namin ang impormasyong iyon ayon sa nakasaad sa aming "Abiso sa Mga Kasanayan sa Pagkapribado." Limitado ang paggamit at paghahayag namin sa iyong personal na impormasyon alinsunod sa iniaatas ng batas ng estado at pederal. Hindi namin ibinebenta o pinaparentahan ang personal na impormasyon ng mga bisita o miyembro sa aming site at sa mga portal ng aming planong pangkalusugan na gumagamit sa site na ito.

## ANG IMPORMASYONG KINOKOLEKTA NAMIN

**Personal na Impormasyon**

Kapag pumunta ka sa website ng Alliance, hindi namin alam kung sino ka, maliban na lang kung magpapakilala ka sa amin. Hindi mo kailangang magbigay ng personal na impormasyon para magamit ang aming website, maliban na lang kung hayagan namin itong sasabihin sa isang partikular na bahagi ng site. Halimbawa, puwede kang mag-sign up para makatanggap ng mga email mula sa Alliance tungkol sa iba't ibang paksa. Sa ganitong sitwasyon, kakailanganin mong ibigay sa amin ang iyong pangalan at email address.

Bukod pa rito, may ilang partikular na bahagi ang aming website na puwedeng mag-atas sa iyo na magbigay ng impormasyong nagbibigay ng pagkakakilanlan at gumamit ng mga indibidwal na password para makapagsumite ng personal na impormasyon o ma-access ang personal na impormasyong dati mo nang ibinigay sa amin. Posibleng kailanganin mo ring magbigay ng personal na impormasyon, gaya ng iyong pangalan, address, numero ng ID sa Alliance, email address, at numero ng telepono, para magamit ang ilang partikular na feature ng website (gaya ng paghahain ng karaingan ng miyembro sa elektronikong paraan). Puwede mong piliing hindi i-access ang mga pinoprotektahang bahaging ito ng site para manatili kang hindi kilala.

Papanatilihin lang ng Alliance ang impormasyon kung kinakailangan para masagot ang tanong ng user o matugunan ang nakasaad na layunin ng komunikasyon o para sa tagal ng panahon na posibleng iatas ng batas. Sa anumang oras, maaari kang humiling na suriin ang impormasyong ito o ipatanggal o ipabago sa Alliance ang impormasyon. Puwedeng gawin ang kahilingan sa pamamagitan ng aming Contact Us (Makipag-ugnayan sa Amin) na Form na makikita sa website ng Alliance sa **www.alamedaalliance.org**.



H2035_25_02721_D-SNP_MBR_WPSN_C Accepted 09302025

**Data ng Mga Bumibisita sa Website**

Nangangalap ang Alliance ng data nang magkakasama, sa hindi nakikilalang paraan, na walang impormasyong nagbibigay ng personal na pagkakakilanlan sa aktibidad ng website. Posibleng kasama sa data na ito ang bilang ng mga taong bumibisita sa site, ang mga page na kanilang binibisita, kung saan sila galing, kung gaano sila katagal sa site, atbp. Secure na nakaimbak ang lahat ng web log at puwede lang i-access ng mga tauhan o itinalaga ng Alliance sa batayan na kailangang malaman para sa mga partikular na layunin.

Ang impormasyong makakalap sa mga web log at ang pinagsama-samang data ay gagamitin para tulungan kaming mapaganda ang content ng site at ang pangkalahatang paggamit, matukoy ang mga sikat na feature, malutas ang mga problema ng user sa hardware o software, at magawang mas kapaki-pakinabang ang aming site sa mga bisita. Halimbawa, posibleng mas madalas naming i-update ang mga bahagi ng Website na madalas na bisitahin.

Kung magsa-sign up ka para sa aming listahan sa pagpapadala sa mail, puwede kaming gumamit ng web beacon sa mail na ipanapadala namin sa iyo. Sa pamamagitan ng mga web beacon, malalaman namin ang bilang ng mga taong nagbubukas sa aming mga email. Kapag nag-click ka ng link sa isang email, puwede naming itala ang indibidwal na sagot na ito para ma-customize namin ang aming mga alok sa iyo. Limitado lang ang impormasyong kinokolekta ng mga web beacon, gaya ng identifier ng cookie, oras at petsa ng tinitingnang page, at paglalarawan ng page kung nasaan ang web beacon (URL). Puwedeng tanggihan ang mga web beacon kapag inihatid sa pamamagitan ng email. Kung ayaw mong makatanggap ng mga web beacon sa pamamagitan ng email, kakailanganin mong i-disable ang mga HTML na larawan o tanggihan ang mga HTML na email (piling text lang) gamit ang iyong software ng email.

**Cookies**

Ang cookie ay isang maliit na file ng impormasyon na inilalagay ng website sa computer ng mga bumibisita sa website. Gumagamit ng cookies ang website na ito para matukoy namin kung ang pagbisita ay pagbalik na pagbisita sa isang partikular na page, o unang pagbisita. Hindi nangongolekta o nag-iimbak ng personal na data tungkol sa mga bumibisita sa website sa pamamagitan ng mga script na ginagamit namin para bilangin ang mga pagbisita. Sa simpleng flat file database, binibilang ang mga una at pagbalik na pagbisita sa partikular na page.

Ang cookies ay puwedeng session cookies na mag-e-expire pagkatapos mong isara ang iyong web browser. O puwedeng “patuloy (persistent)” na cookies ang mga ito na nananatili sa iyong hard drive kahit nakalabas ka na sa aming site. Halimbawa, kung pinahihintulutan mo kaming tandaan ang isang feature tungkol sa iyo kapag hiniling ng website, gaya ng gusto mong wika, puwede kaming maglagay ng patuloy na cookie sa iyong hard drive. Sa ganoong paraan, sa susunod na bumisita ka sa aming site, hindi na namin kailangang hingin ulit sa iyo ang impormasyong iyon.

Posibleng mayroon kang software sa iyong computer na magbibigay-daan sa iyong tanggihan o i-deactivate ang cookies sa internet. Kung gagawin mo ito, posibleng hindi gumana para sa iyo ang ilang feature ng site na ito sa hinaharap. Puwede kang mag-delete ng cookies sa pamamagitan

ng pagsunod sa mga tagubilin sa website ng iyong browser.

## PAANO NAMIN GINAGAMIT ANG IMPORMASYONG KINOKOLEKTA NAMIN

**Paghahayag ng Personal na Impormasyon**

Pinapanatiling kumpidensyal ng Alliance ang iyong ibinigay na personal na impormasyon. Gayunpaman, puwede naming ihayag ang impormasyong ito sa mga tauhan o awtorisadong medikal na provider ng Alliance at sa kanilang mga staff na kailangan nito, halimbawa, para makapagbigay ng paggamot, makapagbayad ng mga claim, o pangasiwaan ang planong pangkalusugan (halimbawa, para masagot ang iyong mga tanong o matulungan ka kung makakalimutan mo ang iyong password). Puwede ring ihayag ng Alliance ang iyong personal na impormasyon sa mga third party kung sa palagay namin ay iniaatas ito ng batas o kung kinakailangan para mapangasiwaan ang planong pangkalusugan (halimbawa, para matulungan kaming gumawa ng mga pasya sa benepisyo o pagiging kwalipikado, lutasin ang iyong karaingan, magbayad ng mga claim, makipagtulungan sa pagsubaybay ng pampangasiwaang ahensya sa Alliance, o bilang tugon sa isang subpoena). Kung pipiliin mong makibahagi sa aming mga programa sa edukasyon sa kalusugan, puwede ring gamitin ang iyong personal na impormasyon para pana-panahon kaming makapagpadala sa iyo ng naka-customize na impormasyon sa pangangalagang pangkalusugan. Hindi namin ibabahagi ang personal na impormasyong ibibigay mo sa website na ito sa mga staff ng Alliance o sa mga third party, maliban na lang kung may lehitimong dahilan sa negosyo o iniaatas ng batas.

Hindi gagamitin ng Alliance ang iyong personal na impormasyon para sa anumang layunin sa promosyon o marketing nang walang pahintulot mo.

**Medikal na Pagkapribado (HIPAA)**

Sinisiguro ang pagkapribado ng iyong medikal na impormasyon sa pamamagitan ng pederal at pang-estadong batas, na kinabibilangan ng, pero hindi limitado sa Batas sa Portability at Pananagutan ng Insurance sa Kalusugan (Health Insurance Portability and Accountability Act, HIPAA) ng 1996 at ng Panuntunan nito sa Pagkapribado. Nagbibigay ang Panuntunan sa Pagkapribado ng mga pederal na proteksyon para sa personal na impormasyon sa kalusugan na hawak ng mga sinasaklaw na entidad at nagbibigay sa mga pasyente ng iba't ibang karapatan kaugnay ng impormasyong iyon. Kasabay noon, binibigyang-daan ng Panuntunan sa Pagkapribado ang paghahayag ng personal na impormasyon sa kalusugan na kinakailangan para sa pangangalaga ng pasyente, pagbabayad ng mga claim, mga operasyon ng planong pangkalusugan, at iba pang layunin.

Para mas maunawaan ang medikal na privacy at iyong mga karapatan, suriin ang Abiso sa Mga Kasanayan sa Privacy ng Alliance sa website ng Alliance sa **www.alamedaalliance.org/privacy**. (Kinakailangan ang Adobe Acrobat Reader para makita ang file na ito. Para i-download ang Adobe Acrobat, mangyaring bisitahin ang website ng Adobe sa **https://get.adobe.com/reader**).

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa HIPPA at sa mga karapatan sa pagkapribado na ginagarantiya nito, mangyaring bisitahin ang page ng pagkapribado ng Departamento ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao ng U.S. sa **www.hhs.gov/hipaa/for-individuals/index.html**.

**Mag-opt In/Mag-opt Out**

Puwede kang bigyan ng opsyong makatanggap ng komunikasyon mula sa website at ng impormasyon mula sa mga third party, gaya ng impormasyon tungkol sa mga bagong produkto, impormasyon sa kalusugan, at impormasyon sa edukasyon. Para matanggap ang impormasyong ito, kakailanganin mong "mag-opt in" sa pamamagitan ng paglalagay ng check sa kahon. Kung hindi ka mag-o-opt-in, ipagpapalagay naming ayaw mong makatanggap ng komunikasyon mula sa amin (o mula sa isa sa aming mga third-party na kasosyo), at hindi kami magpapadala ng anumang impormasyon, maliban sa iniaatas sa amin ng batas na ipadala. Puwede kang mag-opt out sa pagtanggap sa impormasyong ito anumang oras. Posibleng matagalan nang kaunti bago ihinto ng Alliance o ng third party ang mga pagpapadala sa mail pagkatapos mo kaming abisuhan na gusto mo nang ihinto ang mga susunod na pagpapadala sa mail. Maglalaman ang materyal na matatanggap mo at ang website na ito ng impormasyon tungkol sa pag-opt out.

**Mga Link sa Iba Pang Website**

Puwedeng pana-panahong magbigay ang website ng Alliance at ang portal ng miyembro ng mga link papunta sa ibang website, na hindi pag-aari o kinokontrol ng Alliance, na sa palagay namin ay makakatulong o magugustuhan mo. Gayunpaman, wala kaming responsibilidad sa mga kasanayan sa pagkapribado na ginagamit ng ibang may-ari ng website, o sa nilalaman o katumpakan ng mga website na iyon. Ang mga link papunta sa iba't ibang website na hindi Alliance ay hindi bumubuo o nagpapahiwatig ng pag-endorso ng Alliance sa mga website na ito, sa anumang produkto o serbisyong inilalarawan sa mga site na ito, o anumang materyal na nakapaloob sa mga ito.

**Seguridad**

Kung bibigyan mo kami ng personal na impormasyon, papanatilihin ang impormasyong iyon sa mga secure na database. Ang website na ito ay may mga hakbang na panseguridad para mapigilan ang hindi awtorisadong pag-access, pagkawala, o pagbabago ng impormasyong nasa kontrol namin. Kasama sa ilan sa mga hakbang na panseguridad na ito ang secure na firewall; ang paggamit ng pag-encrypt kapag ipinapadala namin ang iyong personal na impormasyon sa elektronikong paraan; at ang paggamit ng mga password para maprotektahan ang personal na impormasyon at ma-authenticate ang mga user. Mga tauhan lang ng Alliance, awtorisadong medikal na provider, at pang-administratibong kontratista ng serbisyo na may lehitimong dahilan sa negosyo na i-access ang iyong personal na impormasyon (gaya ng mga tumutulong sa amin sa pagpapatala o pagbabayad ng mga claim) ang puwedeng mag-access sa iyong personal na impormasyon.

Gumagamit ng pag-encrypt (data scrambling) ang ilang bahagi ng website na ito para maging secure ang komunikasyon ng personal na impormasyon sa iyo. Hindi gumagamit ng pag-encrypt ang iba pang bahagi ng website. Puwede mo ring tingnan kung may prefix na https ang address ng website sa itaas ng browser. Ipinapahiwatig ng 's' na ang bahaging ito ng site ay secured gamit ang Secure Sockets Layer (SSL) na software sa pag-encrypt. Kung nababahala ka sa seguridad ng website kung nasaan ka, mainam na sa pamamagitan ng telepono o nakarehistrong mail ka magbigay ng personal na impormasyon, sa halip na sa elektronikong paraan.

Sa kabila ng mga hakbang na ito, hindi magagarantiyahan ang pagiging kumpidensyal ng anumang komunikasyon o materyal na ipinadala sa o mula sa amin sa pamamagitan ng site na ito sa pamamagitan ng Internet o email. Kung gusto mo, puwede kang tumawag o makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng mail. Makikita ang aming impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa **pahina 5** ng abisong ito.

## MGA BATA

Ang website ng Alliance ay hindi para sa mga bata. Hindi kami sadyang nangongolekta ng anumang impormasyon mula sa mga batang wala pang 13 taong gulang. Kung mapag-aalaman naming mula sa isang batang wala pang 13 taong gulang ang impormasyong isinumite o kinolekta, ide-delete namin ang nasabing impormasyon.

## MGA KARAGDAGANG KARAPATAN

Posibleng mayroon kang mga karagdagang karapatan sa ilalim ng naaangkop na batas na hindi inilalarawan sa patakarang ito.

## MGA UPDATE

Mangyaring pana-panahong basahin ang Abiso sa Pagkapribado at Seguridad ng Website ng Alliance para sa mga pagbabago at update. May karapatan ang Alliance na gumawa ng mga pagbabago sa anumang seksyon ng website na ito, pati sa Abiso sa Pagkapribado at Seguridad ng Website na ito. Para maabisuhan ka sa kung kailan huling binago ang abisong ito, mangyaring tingnan ang seksyong Petsa ng Huling Pagbabago sa simula ng abisong ito. Magpo-post din kami ng abiso sa aming website tungkol sa pagbabago sa abiso. Ilalapat ang anumang nabagong Abiso sa Pagkapribado at Seguridad ng Website sa impormasyong hawak na namin tungkol sa iyo sa panahon ng pagbabago at sa anumang personal na impormasyong gagawin o matatanggap pagkatapos magawa ang pagbabago. Hinihikayat ka naming pana-panahong basahin ulit ang abisong ito para malaman kung may anumang pagbabago sa aming mga patakaran na posibleng makaapekto sa iyo.

## MGA REKLAMO, TANONG, MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN

Kung mayroon kang mga tanong, reklamo, o alalahanin tungkol sa aming Abiso sa Privacy at Seguridad ng Website o aming mga patakaran at kasanayan kaugnay ng website na ito, makipag-ugnayan sa:

**Webmaster o Privacy Officer ng Alliance:**

Attn: Webmaster/Compliance Privacy Office
1240 South Loop Road
Alameda, CA 9450

Numero ng Telepono: **1.510.747.4500**
Toll-Free: **1.877.371.2222**
Kung hindi ka nakakarinig o nakakapagsalita nang mabuti (CRS/TTY): **1.877.735.2929**
Email: **communications@alamedaalliance.org**

**Tanggapan ng Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan (Department of Health Care Services, DHCS):**

Office of HIPAA Compliance
PO Box 997413, MS 4721
Sacramento, CA 95899

Numero ng Telepono: **1.916.445.4646**
Toll-Free**: 1.866.866.0602**
Kung hindi ka nakakarinig o nakakapagsalita nang mabuti (TTY/TDD): **1.877.735.2929**

**Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil (Office of Civil Rights, OCR) ng Departamento ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao (Department of Health and Human Services, DHHS)**

Attn: Regional Manager
90 7th Street, Suite 4-100
San Francisco, CA 94103

Telepono: **1.800.368.1019**
Fax: **1.202.619.3818**
Email: **ocrmail@hhs.gov**
Online: **https://ocrportal.hhs.gov/ ocr/smartscreen/main.jsf**

ALAMEDA Alliance FOR HEALTH